

# Pagkatapos Mabakunahan ng COVID-19

Salamat sa pagpapabakuna at pagtulong sa ating pamayanan na makakuha ng isang malapit na hakbang na pagtagumpayan ang pandemikong ito. **Kahit na matapos ang pagbabakuna, mahalagang maprotektahan ang iba. Karamihan sa mga tao, kabilang ang mga bata, ay hindi pa napabakunahan. Ang ating mga kilos ang mangangalaga sa ating pamayanan.**

1. **Magsuot ng pantakip sa mukha.** Magsuot ng 2 or higit pang mga patong. Siguraduhin na lapat ito sa iyo.
2. **Lumayo ng hindi bababa sa anim (6) na talampakan mula sa publiko.**
3. **Malimit na hugasan ng mga kamay.**
4. **Iwasan ang mga Matataong Lugar.**
5. **Sundin ang mga Alintuntunin sa Paglalakbay ng CDC :** [bit.ly/Covid-Travel](https://bit.ly/Covid-Travel)
6. **Kung nahantad sa COVID-19,** suriin ang mga alituntunin sa mga pagkuwarantenas at pagsusuri upang malaman kung dapat kang mag-kuwarantenas: [kingcounty.gov/covid/quarantine](https://kingcounty.gov/covid/quarantine)
7. **Kung nasuring positibo,** sundin ang mga alituntunin ng paghihiwalay: [kingcounty.gov/covid/quarantine](https://kingcounty.gov/covid/quarantine)
8. **Sundin ang mga patnubay kaugnay sa lugar ng trabaho o paaralan**



**Ganap na Nabakuna?** Maaari mong simulang gawin ang ilang mga gawain na nahinto dahil sa pandemya! Tingnan ang susunod na pahina.

## Mga paalala tungkol sa COVID-19 na mga bakuna:

- Maaari kang makaramdam ng ilang mga epektong normal na palatandaan na ang iyong katawan ay bumubuo ng proteksyon. Tawagan ang iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan kung mayroon kang anumang epektong nakakaabala o hindi nawawala.
- Kung nakakaranas ka ng isang malubhang reaksiyong alerdyi, tumawag ng 9-1-1 o pumunta sa pinakamalapit na ospital.
- I-iskedyul ang ikalawang dosis. Kung tatanggap ka ng 2-dosis na bakuna,, magpa-iskedyul para sa ikalawang dosis sa lugar ng pabakunahan pagkatapos makatanggap ng unang dosis. Kailangan mo ang parehong dosis upang maprotektahan laban sa COVID-19.
- Ang proteksyon mula sa bakuna ay hindi kaagad. Ikaw ay ganap na napabakunahan pagkatapos ng isang dosis na bakuna o dalawang (2) linggo pagkatapos mong makatanggap ng ikalawang dosis sa isang serye ng 2-dosis.
- Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang [kingcounty.gov/covid/vaccine](https://kingcounty.gov/covid/vaccine).

# Kapag ikaw ay ganap na nabakunahan

Ikaw ay itinuturing na ganap na nabakunahan:

- Dalawang (2) linggo pagkatapos ng ikalawang dosis sa 2-dosis na serye ng bakuna (tulad ng Moderna o Pfizer)
- Dalawang linggo pagkatapos ng isang dosis na bakuna (tulad ng Johnson & Johnson)

Kung ito ay mas mababa sa dalawang (2) linggo mula ng ikaw ay mabakunahan o kung kailangan mo pa ring makakuha ng iyong pangalawang dosis, ikaw ay HINDI pa ganap na protektado. Patuloy na gawin ang lahat ng mga hakbang sa pag-iwas hanggang ikaw ay ganap na mabakunahan.


## Kapag ganap kang nabakunahan, maaari kang:

- Magtipon sa loob ng bahay kasama ng iba pang ganap na nabakunahan ng hindi nagsusuot ng pantakip ng mukha
- Magtipon sa loob ng bahay ng walang pantakip sa mukha sa hindi nabakunahang tao sa hindi hihigit na isang sambahayan. Huwag magtipon sa loob ng bahay ng walang pantakip sa mukha kung alinman sa mga taong iyon, o sinumang nakakasama nila, ay may mas mataas na panganib ng magkaroon ng malalang sakit sa COVID-19
- Kung nalaman mong may nakasalamuha kang mayroong COVID-19, hindi mo na kailangang magkuarentena kahit na ikaw ay nahantad, maliban na lang kung mayroon kang mga sintomas. Upang matiyak, suriin ang patnubay ng kuarentenas dito:

[kingcounty.gov/covid/quarantine](https://kingcounty.gov/covid/quarantine)



Magtipon sa loob ng bahay kasama ng iba pang ganap na nabakunahan, walang pantakip ng mukha



Magsuot ng mga pantakip ng mukha sa loob ng bahay sa paligid ng mga hindi nabakunahan mula sa dalawa o higit pang mga sambahayan

Inaalam pa rin natin kung gaano kahusay na mapigilan ng mga bakuna ang pagkalat ng COVID-19 at nagpapatuloy ang mga update. Suriin ang pinakabagong patnubay ng CDC para sa mga taong ganap na nabakunahan dito: [bit.ly/fully-vaccinated](https://bit.ly/fully-vaccinated)